Ontario Medical Association

Bulletin ng Impormasyon para sa Komunidad

Hulyo, 2020

NAKAKATULONG SA ATIN ANG CONTACT TRACING PARA MULING MAKAPAGBUKAS AT MANATILING LIGTAS

Ano ang contact tracing?

Ang contact tracing ay isang paraan para masubaybayan ng mga pampublikong opisyal ang kalusugan ng mga taong nakipag-salamuha sa mga kumpirmadong kaso ng COVID-19 at para maabisuhan ang mga taong ito na magpasuri at ihiwalay ang sarili.

Napakahalaga ng mabilis na pagtutukoy at paghihiwalay ng mga kaso ng COVID-19 sa pamamagitan ng contact tracing upang ligtas na makapagbukas ulit ang Ontario at malimitahan ang pagkalat ng virus.

Isang simple ngunit mahalagang paraan na makatulong ka ay sa pamamagitan ng pagsuporta sa contact tracing. Ang ibig sabihin nito ay ang paggamit ng contact tracing app, at pagsusubaybay sa lahat ng iyong malapit na nakakasalamuha, sa mga pagtitipon man o sa mga pampublikong lugar tulad ng sa tindahan o sa kalsada.

Madali lang gamitin ang contact tracing app

Ang COVID Alert, ang mobile app ng Ontario ay nagbibigay ng paraan na mabilis, ligtas at protektado ang pagkapribado, upang abisuhan ang mga taong nalantad na sa COVID-19.

Gamit ang Bluetooth, nagbabahagi ang app ng mga code na walang-pagkakakilanlan at binubuo nang random sa iba pang mga user ng app na nasa malapit.

Kapag positibo ang iyong pagsusuri sa COVID-19, pwede mong abisuhan ang ibang taong nakasalamuha mo o nakalapit sa iyo sa nakaraang 14 na araw, nang walang pagkakakilanlan.

Kapag nalantad ka sa COVID-19 ng ibang user ng app sa nakaraang 14 na araw, makakatanggap ka ng notipikasyon nang walang pagkakakilanlan.

Ang app:

- Ay *hindi* nangongolekta ng personal na impormasyon o personal na impormasyong pangkalusugan
- Ay *hindi* nangongolekta o nagsusubaybay ng datos sa GPS na lokasyon
- Ay awtomatikong sinsira ang lahat ng walang pagkakakilanlan na impormasyon pagkalipas ng 14 na araw
- Ay maaaring gamitin sa mga Android device at iPhone
- Ay gumagana kasama ng iba pang katulad na app sa labas ng Ontario



Hindi gumagamit o hindi makagamit ng app? Mayroong mga low-tech na pamamaraan upang masubaybayan ang iyong mga nakasalamuha

Maaari mong masubaybayan ang iyong mga nakasalamuha sa pamamagitan ng pagkuha ng mga litrato ng iyong mga pinupuntahan, o pagtatala sa paraang elektroniko o sa papel, tulad ng **Pocket Diary ng OMA**.

- Itala kung kailan at saan ka nagpunta, at kung sinong nakatagpo mo.
- Ilista ang pangalan ng sinumang nakasama mo nang 15 minuto o higit pa na may distansyang mas mababa sa dalawang metro (anim na talampakan).
- Kung hindi mo alam ang pangalan ng tao, magtala ng impormasyong mayroon ka, tulad ng "*Nakipag-usap ako sa isang manggagawa sa gulayan ng tindahang XX nang alas-YY noong petsa ZZ.*"